Public education
**Discover a world of opportunities**

TAON 11 AT 12

# MGA KATAWAGAN NG SANAYSAY PINALIWANAG

## MGA KATAWAGAN NG SANAYSAY PINALIWANAG

Bago ka magsimula ng sanaysay, kailangang mauunawaan mo ang tanong. Para gawin ito, kailangan mong kilalanin ang mga salita ng tagubilin – ang mga salita sa tanong na nagsasabi sa iyo kung ano ang gagawin. Nasa ibaba ang paliwanag ng ilan sa mga karaniwang salita ng tagubilin na maaaring makikita sa mga tanong ng sanaysay.

| Ang mga salita ng tagubilin | Kahulugan |
|---|---|
| Suriing mabuti | Hanapin ang mga pinakmahalagang ideya, paano sila nagkakaugnay at bakit sila importante. |
| Magtasa | Isipin mong mabuti kung gaano katotoo ang isang bagay. Ipakita ang anumang mga pagkakamali at mga salungat na pangagatuwiran. Magtapos sa pamamagitan ng pagpahayag kung ikaw ay sumasang-ayon sa kauna-unahang paninindigan. |
| Maghambing | Kilalanin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng dalawang bagay, palagay o ideya. Ibilang kung anong mga pagkakatulad at pagkakaiba ang mas importante kaysa sa mga iba. |
| Ipakita ang pagkakaiba | Kilalanin ang mga hindi pagkapareho, mga pagkakaiba, mga walang katulad o mga nagpapaibang katangian. |
| Mapanuring magtasa o magtasa | Magbigay ng kuro-kuro tungkol sa kung ang isang pahayag sa isang pananaliksik ay totoo at kung sumasang-ayon ka dito. Isama ang katibayan na sumasang-ayon at hindi sumasang-ayon sa pahayag. Magtapos sa pamamagitan ng paglilista ng mga mahahalagang dahilan at mangatatwiran kung bakit ka sumasang-ayon/hindi sumasang-ayon. |
| Ipaliwanag ang kahulugan | Malinaw na ipahayag ang kahulugan, at ilista ang mga kahusayan, kaugalian at mga katangian. |
| Maglarawan | Magbigay ng madetalyeng paliwanag tungkol sa kung paano at bakit nangyayari ang anuman. |
| Talakayin | Gumawa ng kaso para sa at laban sa isang pagtatalo Ipakita ang mga kapakinabangan at mga kasaluhan. |
| Magdagdag ng mga paliwanag | Magbigay ng karagdagang detalye at ng karagdagang impormasyon tungkol sa paksa. |
| Gumalugad | Gumamit ng nagtatanong na paraan at pag-aralan ang sari-saring uri ng iba-ibang kuro-kuro. |
| Magbigay-kahulugan | Magpakita ng iyong pag-unawa ng isang isyu o paksa. |
| Pangatwiranan | Ipahayag kung bakit naiisip mo na ang isang bagay ay gayon. Mangatuwiran at magbigay ng timbang na pagtatalo sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng mga kuro-kuro na kasalungat sa iyong sariling kuro-kuro bago ka magpahayag ng iyong palagay. |
| Magbalik-aral | Buurin ang mga importanteng puntos at pumula, kung kailangan. |
| Buurin | Magbigay ng pinaikling salin na kabilang ang mga pangunahing katotohanan at hindi isinasama ang mga impormasyong walang kinalaman. Maikli at mga karaniwang halimbawa kalimitan ay sumasapat sa ganitong uri ng sagot. |

Department of
**Education**

**education.wa.edu.au.**

© Department of Education, Western Australia, 2015

CC BY